

Prologue



"Don't go inside, Troy. You'll wake him up."
Hindi pinansin ng pitong taong gulang na batang lalaki ang babala ng kanyang nakatatandang kapatid.

"Troy!" tawag nito.

"Shhh! 'Wag kang maingay, Jack." Matanda sa kanya nang dalawang taon si Jack pero kahit minsan ay hindi niya ito nakasanayang tawaging 'kuya.' Their father raised them as equals. Marahil dahil lumaki ang daddy nila na walang nakatatanda o nakababatang kapatid. He had a twin brother instead.

Marahang binuksan ni Troy ang seradura ng pintong nasa harapan nila at sinilip ang amang humihilik sa kama. Even in his sleep, their father could still scare the hell out of them. Para itong si *Smaug* mula sa librong *The Hobbit*, mahimbing na natutulog sa pugad nitong punung-puno ng kayamanan. Ang sinumang gumising sa dragon ay

tiyak na mamamatay.

“Do you want to get punished again?” Hindi iyon isang simpleng pananakot mula kay Jack. Alam nilang pareho ang consequence ng pagpasok sa master’s bedroom nang walang pahintulot mula sa kanilang ama. Pero walang pagpipilian si Troy; sa pagkakataong iyon, nais niyang sundin ang utos ng kanilang ina.

“I’ll be careful,” paniniyak niya. Iniwan niya ang kapatid sa labas ng pintuan saka maingat na pumasok sa loob ng kuwarto. Panay ang kanyang panalangin na huwag sanang huminto ang malakas na paghilik ng daddy nila. Hindi sila puwedeng mahuli nito. Their father would lock them up inside the dungeon cell for hours and he wouldn’t care if they starved.

Nilapitan ni Troy ang bedside table at sinikap na huwag makagawa ng ingay habang binubuksan ang drawer. Higit niya ang hininga nang damputin ang bungkos ng mga susi, gamit ang kanyang maliit na kamay. When his father moved slightly, he froze.

“Labas ka na d’yan, Troy!” Pabulong na sumigaw si Jack nang hindi na muling gumalaw ang daddy nila. Nawala sa pandinig nila ang hilik ng kanilang ama pero nang masigurong nakapikit

pa rin ito ay dali-dali siyang lumabas ng kuwarto. Mahigpit na kapit niya sa mga susi upang pigilan ang pagkalansing ng mga iyon.

“You shouldn’t have stolen the key, Troy. Magagalit si Daddy sa ’tin,” ani Jack habang sinusundan siya nito pababa sa basement ng kanilang bahay.

“But Mommy needs our help,” salag niya.

“Mommy did something bad and Daddy said she should be punished.”

“I don’t want to see her get hurt again, Jack.”

Pinigilan ng kapatid ang kanyang braso. “She will leave us, Troy.”

Sinakluban ng takot ang batang puso niya. Gayunpaman, pilit niyang kinumbinsi ang sarili na hindi totoo ang sinabi ng kapatid. Hindi sila iiwan ng kanilang ina. Mahal sila nito.

Pumiksi siya mula kay Jack at tinakbo ang malaking pintong bakal na nasa dulong bahagi ng basement. Nakarinig siya ng kaluskos mula sa loob at sumungaw sa pagitan ng mga rehas ang pagod na mukha ng mommy nila.

Magulo ang buhok nito, may sariwang marka ng sampal sa pisngi. Halata rin ang natuyong luha sa sulok ng mga mata nito. It had always been the

same picture. Always.

“Did you get it, Troy?” nahahapong tanong ng kanilang ina. Halos maiyak ito sa galak nang ipakita niya ang mga susi rito. “Good boy. Now, unlock this door. Jack, help your brother.”

Iiling-iling ang huli mula sa malayo. Bakas ang takot at alinlangan sa mukha nito. “I can’t. Daddy will get mad at us.”

“No, baby, I’ll make sure he won’t hurt either of you. Please, let me get out of here.”

Nakaramdam ng awa si Troy sa ina kaya nilapitan niya ang kandado upang subukang ipasok ang isa sa mga susi roon. But he had no idea which was the right one and he wasn’t tall enough to reach the lock. Nilingon niya ang kapatid na nanatiling nakatulos sa kinatatayuan.

“Help me, Jack. Hindi ko maabot, eh.”

“No, Troy!”

“Jack, please. Do this for me,” pagsusumamo ng ginang. Sa huli, napapayag si Jack at ito nga ang nagbukas ng kandado. Nang tuluyang makalabas ang mommy nila ay dagli itong lumuhod sa kanilang harapan upang mayakap sila nang mahigpit.

“Thank you, boys. K-kahit ano’ng mangyari, ’wag n’yong kalilimutan na mahal ko kayo,” nanginginig

na sambit ng kanilang ina saka ito madaling umalis.

Nang sundan nilang magkapatid ang mommy nila sa sala ay inabutan nila itong may kausap sa telepono. Bitbit din nito ang maletang minsan na nilang nakitang nakatago sa likod ng sofa.

“Mommy?” tawag ni Troy.

Malungkot na napalingon sa kanila ang ginang matapos putulin ang tawag. Yumukod ito sa harapan nila at muli silang niyapos.

“You’re leaving, aren’t you?” May pait sa boses ni Jack.

Narinig nila ang impit nitong pag-iyak. “I’m sorry, boys.” Nang muling tumayo, walang lingon nitong dinampot ang maleta at dere-derechong lumabas ng bahay.

Kinabahan si Troy. Nang muli nilang sundan ang mommy nila sa labas ay natanaw nila ang isang kotse na nakahimpil sa tapat ng gate.

“I told you, Troy. She’s leaving!” asik ni Jack.

“No!” Panay ang marahas na pag-iling ni Troy. Ayaw pa rin niyang tanggapin sa sarili ang sinabi ng kapatid.

Tumakbo siya para habulin ang ina pero hindi pa siya nakalalayo nang may biglang sumakmal sa kanyang batok. Narinig niya ang boses ng

kapatid pero hindi niya naintindihan ang sinabi nito. Nagtayuan ang mga balahibo ng bata nang sa paglingon ay tumambad sa kanya ang galit na anyo ng kanilang daddy.

“Hold your brother, Jack!” makapangyarihang utos nito sa kapatid na mabilis namang tumalima.

Hinatak siya ni Jack pabalik sa portico ng bahay at doon nila pinanood ang pagmartsa ng kanilang daddy pasunod sa mommy nila.

“Melissa!” Dumagundong ang malakas na tinig ng kanilang ama. Malalim na ang gabi at nagsisimula nang pumatak ang ulan.

Tarantang binuksan ng kanilang mommy ang gate. “No, Samuel. Hindi mo na ako mapipigilan sa pagkakataong ito. Hindi na rin ako babalik sa impyernong bahay na ’to!”

Sinubukang hablutin ng ama ang braso ng kanilang ina pero mabilis na nakasakay sa kotse ang huli. Walang nagawa ang daddy nila nang humarurot palayo ang sasakyan. Nanlilisik ang mga mata at mabibigat ang hiningang pinakawalan nito. Ilang sandali rin ang pinalipas nito bago ito muling gumalaw.

Panay ang paglunok ng magkapatid habang pinanonood ang amang tahimik na isinasara ang

gate. Ramdam nila ang intensity ng galit nito mula sa malayo. Nang humarap ito sa direksyon nila ay napahawak sila sa kamay ng isa't isa. Gusto nilang tumakbo, pero alam nilang kapag ginawa nila iyon ay mas malalang kaparusahan ang kanilang matatanggap.

Their father walked towards them like a parading nightmare. Sapat na ang dilim na nakikita nila sa mga mata nito para makaramdam sila ng matinding takot. They knew they had just awaken the beast and they were both in trouble.

“See what you boys did? You disobeyed me and now your mother is gone. Mula ngayon, patay na ang mommy n’yo, maliwanag?” sambit nito sa malamig at nakapangingilabot na himig. Pumisil sa kanilang balikat ang mga kamay nitong singtigas ng bakal. Ramdam nila ang pagbaon ng mga daliri nito sa kanilang laman.

Napilitan silang tumango.

Ibinaba nito ang ulo sa pagitan ng kanilang mga mukha. “Wag kayong mag-alala. Bibigyan ko kayo ng bagong mommy at sisiguruhin kong hindi niya tayo iiwan.” Kapwa sila napasinghap nang marahas nitong haklitin ang kanilang mga braso at galit silang kinaladkad papasok sa loob ng bahay.

1



"I can't believe you don't do girlfriends, Troy. Don't get me wrong. You're definitely hot and f*ckable. But you don't look like the player type," maharot na sabi ng babae habang sumisimple ng himas sa kanyang dibdib.

Nasa dulong booth sila ng bar at kahit yata mag-sex sila roon ay walang makakapansin sa kanilang dalawa.

Nagsisimula na ngang manikip ang pantalon ni Troy. "How do I look, then?" Inangat niya ang baso ng alak.

"Hmm..." Bumaba ang kamay nito sa kanyang hita at nanigas ang buong katawan niya. Lustful heat started to gush through his veins. "Pangmatagalan. Pangseryosohan. And someone who could make women go crazy overnight."

It sounded ironic to him and he wanted to laugh bitterly at that.

"Takot ka ba sa commitment? 'Wag kang mag-

alala, curious lang ako at wala akong balak mag-apply. I'm just here for fun," sabi nitong muli. "Tell me why..."

Nilingon ng binata ang katabing babae na hindi niya maalala ang pangalan. Nilapitan lamang siya nito kanina nang mapansing mag-isa siyang umiinom sa sulok. The woman was attractive—or perhaps, the heavy makeup did the trick. Smokey eyes, fake long lashes, blood red lips. She was sexy though, namimintog ang mga dibdib sa suot na red tube dress.

"I don't trust myself with women," malalim niyang sagot saka nilagok ang natitirang laman ng baso.

"Oohh, intriguing." Ibinaba ng babae ang zipper ng kanyang pantalon. Her eyes dropped to the huge bulge straining the front of his briefs. Man, he was definitely ready for some playtime tonight. "But if you're the trouble, then, why do you look like someone who just got dumped by a girl?"

Kanina lang ay kausap ni Troy sa telepono ang kaibigang hiningan niya ng pabor para maghanap sa ina nila ni Jack. Sa Los Angeles na nakabase si Dino at nagkataong may kakilala itong private investigator doon. Ilang taon na rin niyang sinusubukang

kumalap ng impormasyon tungkol sa maaaring kinaroroonan ni Melissa Montejano, sa kabila ng mariing pagtutol ni Jack.

“She’s already dead, Troy. Stop looking for her!” lagi nitong sinasabi sa kanya.

Troy wasn’t that desperate to find their mother though. Gusto lang niyang pagbigyan ang batang bahagi ng kanyang sarili na nananatiling nakakapit sa alaala ng kanilang ina. All he needed was an answer to his lifelong question: Why didn’t their mother take them with her?

Noong nakaraang dalawang taon lamang ay nakatanggap siya ng lead na matagal nang nangibang-bansa ang ina, at ayon sa kanyang source ay sa Amerika na ito ngayon nakatira, kasama ang Uncle Saul nila. Nasa kolehiyo na sila ng kapatid nang malaman nilang ang kakambal pala ng daddy nila ang siyang tumangay sa kanilang ina noon.

“My P.I. lost the trace, Troy. I’m sorry. Mukhang madalas din kasi silang magpalit ng pangalan. But I’ll keep you posted,” balita ng kaibigan.

“I appreciate all your help, Dino. Thank you. Pero hindi ko na ipagpapatuloy ang paghahanap sa kanya. I think I need to stop from here.”

“Are you sure?”

“Yeah.”

Troy realized it was time to move on. “Ngayon ang death anniversary ng mom ko,” sabi niya sa babae saka inalug-alog ang yelo sa baso.

Binawi ng babae ang kamay at napatuwid ito ng upo sa kanyang tabi. “I-I’m sorry. Uhm... I can leave if you want me to.” Sympathetic ang anyo nito nang mag-angat muli ng tingin sa kanya pero mas lamang ang dismayang bumalatay sa mukha nito.

Tumaas ang sulok ng bibig ni Troy. Ibinaba niya ang baso sa mesa saka kinabig ang babae sa batok. “Or you can consider that as my lame trick to get into your pants. My mother’s been dead for twenty-three years now.” Saka niya siniil ng mariing halik ang mga labi nito.



Pakiramdam ni Alynna ay bigla siyang isinuka ng planet Earth. Nai-imagine niya ang paglutang ng katawan sa outer space, paikut-ikot at walang direksyon.

Alright, maybe she was overacting a bit. A guy just dumped her, and so what? Hindi naman iyon ang unang beses na nangyari iyon sa kanya.

“Look, Ynna, I’m not saying na may problema sa ’yo.” Kumudlit sa alaala niya ang sinabi ni Toby.

*“You’re pretty. Hot. Nice. It’s just... I think we’re no longer working out. Yes, we always f*ck. Pero kasi... parang may kulang.”*

Napatungga ang dalaga sa hawak na bote ng beer.

Katrabaho niya si Toby sa isang call center company sa BGC. Magkaiba sila ng team pero dahil pareho ang oras ng shift nila, madalas silang magkita. Toby was the one who approached her first and asked her out. Sa kabila ng hindi kaaya-ayang reputasyon ng lalaki, pumayag pa rin siyang maging girlfriend nito. Simple lang naman ang rason: She needed someone like him. A guy with no complications. A guy with no relationship dramas.

Until he got bored with her.

“When it comes to sex, you’re plain. Too vanilla. Hindi ka marunong mag-explore. You don’t even know how to use your mouth,” dagdag ng lalaki.

Naibagsak ni Alyнна ang bote sa bar counter. She felt so embarrassed.

What’s up with guys and their enjoyment of having their c*cks sucked? Ang akala niya, kontento na si Toby kahit hindi niya gamitin ang bibig niya. Malay ba niya kung paano iyon gawin nang tama? Paano kung mangawit lang ang bibig niya?

Nakapanood na siya ng ganoong eksena sa isang porn video dati, pero hindi siya komportableng subukan ang bagay na iyon.

“Tsk, tsk. Nag-break kayo ng boyfriend mo, ano?” untag sa kanya ng cuarenta años na bartender habang pinupunasan ang isang kopita.

“Sigurado ka bang ayaw mong mag-sideline na manghuhula sa Quiapo, Kuya Jun? Dagdag kita rin ’yon,” she joked drily.

Kapitbahay ni Alynna ang lalaki at kasundo niya dahil namumukod-tangi ito sa kanilang barangay na hindi niya naringgan ng pang-iinsulto tungkol sa sitwasyon ng kanyang pamilya. Though if she thought about it, their family was a real mess anyway.

“Naku, Ynna, matagal na kitang kilala. Kapag pumupunta ka dito nang ganyan ang hitsura, isa lang naman ang laging dahilan: wala ka na ulit syota. Pero alam mo, mabuti na rin na nag-break kayo n’ong... Toby ba ’yun? Di ako boto d’un, mukhang walanghiya eh. Ba’t kayo nag-break? Nambabae rin ’yon, ano?”

Kuya Jun knew all about her break-up drama. She never shared them to him consciously though. Minsan ay gusto niyang isipin na may lahing-engkanto ang lalaki at ginagamitan siya ng mahika

upang mahikayat siyang magkuwento ng tungkol sa lovelife niya sa tuwing pupunta siya sa bar kung saan ito nagtatrabaho.

She sighed heavily. “Ako daw ang may problema. May kulang daw sa ’kin.” Bago pa makapambato ng follow-up question ang bartender, inungutan na niya ito ng isa pang bote ng beer.

“Bakit kasi hindi mo muna tigilan ang pakikipagsyota, Ynna? Bata ka pa naman. Tingnan mo kami ng Ate Rochelle mo, lampas treinta na kami n’ung nagkakilala’t nagpakasal. Ang pag-ibig, di minamadali. Darating at darating din sa buhay mo ang tamang lalaki.”

Matabang siyang ngumiti saka sumimsim ng beer. Hindi naman siya naghahanap ng seryosong relasyon. It was a luxury she couldn’t afford. Kahit minsan, hindi niya hinayaang mahulog ang kanyang loob sa kahit na sinong lalaki. Kahit sa pinakamatagal niyang naging karelasyon na si Toby. She wasn’t really looking for love. She just... needed an escape.

“Laro lang ako d’on, Kuya.”

Bitbit ang bote ng beer, tumayo si Alynna at tinungo ang kabilang panig ng bar kung saan nakapuwesto ang billiard tables, dartboard, at isang

old school stereo system. It was currently playing *I Get Off* by *Halestorm*. She let the hot and feral beat of the music wash over her. Kahit sa gabing iyon lang, gusto niyang lunurin ang sarili sa kawalan.

Dalawa sa mga pool tables ang okupado na, kaya iyong isa na malapit sa daan pa-backdoor ang kinuha niya. After taking a sip from her bottle, she started breaking the rack. Tatlong bola agad ang pumasok sa malakas na tirang iyon.

Akmang titirahin na ni Alynna ang dos nang matigilan sa narinig na ungol ng babae sa backdoor passage. The noise was faint against the loud music but it was enough to catch her attention.

Naabuso na naman ang backdoor, napapailing na komento niya sa isip. It wasn't the first time people used that area for quick sex. Madilim doon at hindi daanin ng tao. Pang-emergency exit lamang kasi ang pasilyong iyon.

Her chalk fell off the floor. Sinundan niya iyon hanggang sa bukana ng backdoor passage. Pagkadampot sa tisa ay saktong naaninag ni Alynna ang dalawang aninong marahas na gumagalaw sa dilim. Nakasalya ang likod ng babae sa pader at halos tumirik na ang mga mata nito. Nakalubog ang mukha ng lalaki sa dibdib ng babae at ang kamay

ay gigil na pumipisil sa pang-upo nito. They were both groaning ferociously, and the wild song in the background just added flavor to the live carnal scene in front of her.

Namula ang mga pisngi ni Alynna at nanulay ang init sa bawat himaymay ng kalamnan niya. Sinita niya ang sarili sa isip. Hindi siya dapat naroon. But just as she was about to turn her back, the couple switched positions and a face familiar to her made her froze.

Paano napadpad si Troy Montejano sa bar na iyon?

Lumuhod ang babae sa harap ng kanyang boss at mabilis na kinalas ang sinturon nito. Alynna knew what would happen next but she couldn't move her feet. *Oh sh*t!*

Napatitig siya kay Troy. His handsome face was half-buried in darkness; lust and danger swimming in his deep-set eyes. Napasinghap ang dalaga nang biglang mapaligon ang lalaki sa direksyon niya. Biglang tumiim ang tingin nito sa kanya. Talk about awkwardness.

She couldn't tell if Troy could recognize her though. Mukha rin kasi itong nakainom. Nanalangin na lamang si Alynna na sana ay lamunin ng hangover

ang memorya nito kinabukasan. Kapag nagkataon, hindi niya alam kung paano sasalubungin ang tingin ng lalaki kapag nagkita sila sa opisina.

The man threw his head back to the wall, grabbing the woman's hair as she started taking him into her mouth. Pero ang lalaki ay nanatiling nakatitig sa kanya, as if he was imagining that she was the one kneeling in front of him.

Nanuyo ang lalamunan ni Alynna.

Pinilit niyang ipihit ang sarili patalikod at mabibilis ang mga hakbang na lumayo mula sa maliit na pasilyo. Pagbalik sa pool table ay sunud-sunod niyang nilagok ang kanyang beer. Her skin felt hot and clammy. The tips of her breasts seemed to have erected. Was she turned on right now?

“Lasing ka lang, Ynna,” pangungumbinsi niya sa sarili sabay martsa palabas ng bar.



Sumubsob si Alynna sa desk ng station niya. Inaantok pa siya at parang lantang gulay ang kanyang katawan at utak. Ni hindi siya sigurado kung makakapagtrabaho pa siya nang maayos hanggang sa matapos ang shift. Sabaw na sabaw ang mga *calls* niya kanina. Mabuti na lang at nagkaroon ng unscheduled downtime ang *tools* nila sa

computer kaya sandali silang natigil sa pagtatrabaho. Maipapahinga niya ang isip kahit paano.

Hanggang ngayon, hindi pa rin siya maka-move on sa naging break-up nila ni Toby dalawang linggo na ang nakararaan. She wasn't heartbroken, she was just pissed off. Alam niyang dakilang playboy ang lalaki pero hindi pa rin siya makapaniwala na madali itong nagsawa sa kanya. And the jerk had already found a new toy!

Paminsan-minsan ay nakakasalubong niya ang lalaki sa hallway kasama ang bago nitong babae. Nagbabatian pa rin sila kahit paano, pero iyong tipong parang walang namagitan sa kanilang dalawa.

Lumingon si Alynna sa katabing si Lanie na nakatuon ang pansin sa binabasang young adult fiction novel. May naka-topless na guwapong lalaki sa front cover niyon at namumutok sa muscles ang mga braso niyon. Mabalahibo din ang dibdib.

“Tungkol na naman ba sa werewolf’yan?” bagot na untag niya rito.

Bumuga ng hangin ang katabi at ibinaba ang librong binabasa. “Isipin mo na lang, Ynna, marami pang darating. Hindi lang siya ang lalaki sa mundo. Five months pa lang naman kayo, di ba? Saka talaga namang hindi ako boto sa kanya para sa ‘yo.”

Naikuwento niya sa katrabaho na nagkaroon sila ng matinding argument ni Toby at iyon ang naging dahilan ng break-up nila. Kahit kasundo niya si Lanie, hindi pa sila ganoon ka-close para sabihin niya rito ang lahat-lahat tungkol sa buhay niya—and that includes her active but not-so-exciting sex life.

“Maganda ka, sexy. I’m sure marami pang manliligaw sa ’yo,” patuloy nito.

“Parang hindi naman sapat ang ganda ng mukha at katawan.” Napabuntong-hininga si Ynna at sinuklay ang bangs gamit ang mga daliri.

Kung ganda lang din naman ang batayan, bakit walang lalaking tumatagal sa kanya?

“Be patient kasi, Ynna. Malay mo, parating na ’yung lalaking nakatakda para sa ’yo, na-traffic lang.”

Susubsob na sana muli si Alynna sa kanyang desk nang bigla siyang tapikin ni Lanie.

“Aray ha!”

“Nand’yan na si Boss. Gusto mo bang mapagalitan kapag nakita ka niyang nakaplakda d’yan sa station mo?” Ngumuso ito sa direksyon ng pintuan. Kababalik lang ni Troy Montejano galing sa meeting ng mga supervisors. Seryoso ang anyo nito habang nakatutok ang mga mata sa smartphone.

Tall, dark, and handsome. Their officemates

had always labeled him as deep and enigmatic. Halos lahat ng kababaihan sa production floor ay nababaliw rito.

Kinalabit sila ng ka-team nilang bading na si Tetet. Isa lamang ito sa mga ahente sa floor na may lihim na pagnanasa kay Troy. “Three months na rin pala sa ’tin si *Boss/Baby* Troy, ano? Tingin n’yo, kaya niyang isalba ang team natin mula sa lusak? Six months na tayong bottom team awardee, patatayuan na nga tayo ng monumento sa Luneta, eh,” anito.

Substitute supervisor lang nila ang lalaki sa team. Nag-maternity leave kasi ang orihinal nilang team leader. Maselan ang pagbubuntis kaya pinayagan ng management na magbakasyon muna ito nang mas matagal. Ang dating team na hinawakan ni Troy ay nalipat sa ibang line of business ng kanilang account. Karamihan sa mga iyon ay mga na-promote na.

Ilang beses na ring inalok ng promotion si Troy, pero tinatanggihan lamang ng lalaki. Everyone knew how good he was at managing people. All the teams he had handled before reached the top and remained there. Kaya siguro ito ang in-assign sa team nila. He had a reputation of turning the worst teams into the best.

“Hindi naman siya tatawaging ‘A-Team maker’

kung hindi niya kayang iahon ang team natin, eh. Manalig lang tayo,” sagot ni Lanie.

“Amen!” ani Tetet na madramang itinaas ang isang palad sa ere.

Tahimik niyang pinagmasdan si Troy at muli siyang nakaramdam ng kakatwang tensyon. Naglaro na naman kasi sa isipan ni Alynna ang eksenang nasaksihan sa backdoor passage ng bar na pinagtatrabahuan ni Kuya Jun... The way he touched that girl, the way he looked at her while he was getting a deep throat—

Napasinok si Alynna sa pagkagulat nang biglang lumipad ang tingin ni Troy sa direksyon niya. Bahagyang kumibot ang sulok ng mga labi ng lalaki na parang sinasabing: “*I caught you staring at me.*”

Yumuko siya para ikubli ang pamumula ng mukha. Dalawang linggo na ang nakalipas mula nang aksidente niyang masaksihan ang mainit na tagpong iyon, pero hanggang ngayon ay nailang pa rin siya sa tuwing makikita ang kanyang boss. Who could blame her anyway?

“Alynna, go on Coaching. Now,” utos ng makapangyarihang tinig at nanlamig ang bawat himaymay ng katawan niya.

2



Pagpasok sa conference room ay dinatnan ni Alynna si Troy na prenteng naka-dekuwatro sa malaking swivel chair, nakasandal ang likod sa high backrest at abala sa pagkalikot ng kung ano sa cellphone.

She couldn't help admiring how broad his shoulders were. Hakab sa suot na puting undershirt ang solidong dibdib. Gaano kaya kasarap haplusin iyon?

She shook her head. What the hell was she thinking?

Aaminin ni Alynna, attracted din siya sa lalaki. Sino ba ang hindi? Troy looked like an elegant warrior in a business casual attire. Classy ang postura sa suot na itim na blazer at pantalon. Rough and sexy with his scruffy stubble. Matigas ang hulma ng mukha, malalim ang mga mata na kung tumitig ay parang magnet na nanghahatak ng katinuan. His nose was masculine straight and his lips were

simply seductive.

Troy never acted high-and-mighty, but he was definitely intimidating. Mula sa makapangyarihan nitong tindig, hanggang sa propesyonal nitong paraan ng pakikipag-usap sa mga tao.

Somehow, she had a crush on him. Pero hindi niya ito puwedeng magustuhan nang todo. He was way too far from the kind of man she needed at the moment. Definitely out of her league. Kailangan niya iyong lalaking puwede niyang gawing boyfriend.

And Troy was not on her list, realistically speaking.

“Tatayo ka lang ba d’yan? Our time is running, just so you know.”

She flinched as the casual masculine voice filled her ears. Animo binangga ng kung anong ugong ang tahimik na silid. Hindi pa rin nito inaalís ang mga mata sa screen ng phone.

Umupo ang dalaga sa swivel chair na nasa gitnang bahagi ng mahabang conference table. Noon nag-angat ng tingin sa kanya si Troy, kunot ang noo.

“Really, Alynna? Do I look like I’m gonna bite you?” amused nitong tanong saka marahang sinipa ang gulong ng swivel chair na kalapit nito. “Sit here. I want you near me.”

Nanulay ang init sa kanyang katawan pagkarinig sa mga katagang iyon. What was wrong with her? Was it because of that one steamy night at the bar? She needed to pull herself together and stop her mind from conjuring indecent images of her boss. Or else, she would be damned.

Tahimik siyang umupo sa swivel chair na itinalaga sa kanya ng lalaki. Pasimple niya iyong inusod upang makalikha ng kaunting distansya mula kay Troy.

“What happened to the team’s stats, Alynna?” pormal nitong panimula. “We all struggled in the first two months but fortunately, nagkaroon naman tayo ng improvement. I really thought this month is finally ours. We were already on top during the first week, numbers slightly dropped on the second week, and now this third week...”

Napayuko ang babae. Pakiramdam niya ay isa siya sa mga nagpababa ng stats nila sa kasalukuyang buwan. Wrong timing naman kasi ang pakikipag-break sa kanya ni Toby. Naleche tuloy ang performance niya.

“Masyado ba tayong naging kampante? QA is still okay, but the rest is a disaster. Our team’s CSAT is at seventy-four percent. Overall AHT is average

seventeen point five. And the attendance? May balak pa ba kayong magtrabaho?”

Their team suffered from several lates and absences this past week, at isa siya sa mga contributors doon. Pero bakit siya lang ang ginigisa ni Troy?

Napaangat siya ng mukha, nagpoprotesta ang anyo. “Teka, Boss. Unfair naman po yata na ako lang ang kino-coach n’yo. Hindi lang naman ako ang—“
“Are you okay, Alynna?”

Natigilan siya nang biglang naging concerned ang tono ni Troy. Noon lang din niya napansin na mataman siyang pinagmamasdan ng lalaki na parang pinag-aaralan ang bawat features ng kanyang mukha. Bigla siyang na-conscious nang mapansing tumigil ang mga mata nito sa nakaawang niyang mga labi. There was curiosity in his stare.

Inalala ni Alynna kung naglagay man lang ba siya ng lip balm kanina. She closed her plump lips and unconsciously licked them. Nahuli niya ang bigat ng paglunok ni Troy.

“I... I’m fine, Boss,” sagot niya sa awkward na tono.

“Doesn’t look like it. Natutulog ka ba nang maayos? Maputla ka.”

“Ahm... medyo puyat lang po siguro. Lately kasi,

nagigising ako sa hapon 'tapos hirap na ulit akong makatulog." Mukha na ba siyang zombie? Masyado na sigurong malalaki ang eyebags niya.

"Bakit naman?" curious nitong tanong na ramdam niyang hindi pa rin inaalis ang tingin sa kanya.

"Hindi ko po alam."

"Stressed?"

"Hindi naman po."

"Problems?"

She sucked in her breath. This felt more like an interrogation! Their coaching sessions used to be all about stats and action plans. Ngayon ay parang malapit na ito sa pagtatanong ng tungkol sa personal niyang buhay.

Yes, she *has* a problem. Lots of problems, actually. Pero wala siyang balak ikuwento ang mga iyon kay Troy. Hindi sila close, ano!

"I'm okay, Boss. Promise. Baka kailangan ko lang po talaga ng tulog."

"I don't think it's just a sleep problem." Itinulak nito paatras ang swivel chair at hinarap ang nakabukas na computer doon. He opened a file, played a recording and she instantly recognized her voice.

Para siyang namatayan. Troy played two more short calls. Lahat ay mga naging case niya nitong nakaraang mga araw. One old lady even asked her if she was drunk. God, ano ba ang nangyayari sa kanya?

“These customers gave you a very dissatisfied survey. At malamang sa malamang, madadagdagan pa sila kung ganyan ka pa rin mag-take ng calls.”

Narinig niya ang malakas nitong pakawala ng hangin bago humarap muli sa kanya. “You’re one of the top performers of this account, Alynna, despite the fact that your team is struggling these past six months. You’re even better sa previous agents ko, everyone knows that. What happened?”

Hindi siya nakasagot. Alangang ikuwento niya rito ang tungkol sa naging break-up nila ni Toby?

“Mind sharing your problem with me? Mukhang masyadong mabigat.”

“No, Boss!” defensive ang tono niya. “Well, it’s nothing, I swear. Nag-break lang kami ng boyfriend ko two weeks ago, pero—”

Crap! Did she just say that?

Tumangu-tango si Troy, panay ang himas sa baba gamit ang mahahaba nitong daliri. Why did she find the gesture sexy? “I see.”

“Uhm... sorry, Boss. I promise, next time—”

“You can go on *avail* now. Mukhang naayos na ang *tools* sa labas.” Tinalikuran siya nito at humarap na muli sa computer.

She felt bad. Hindi siya sanay na kino-coach siya for bad performance. And to think that it went downhill because of her petty personal problem. Nakakahiya kay Troy!

“Thanks, Boss.” Tumayo na siya at tinungo ang pintuan.

“Wait, Alynna!”

Napalingingon siya sa lalaki. Nakaharap pa rin ito sa screen ng PC. “Yes?”

“May plano ka ba after shift?”

Napaisip ang dalaga. Wala naman siyang ibang pupuntahan. “Uuwi lang, Boss. Bakit po?”

“Ten minutes, hintayin mo ’ko sa lobby.” *Ano raw?* Lumingon ito sa kanya nang maramdamang hindi siya gumalaw sa kinatatayuan. “Bakit nandito ka pa? Go on *avail*, now!”

Hihirit pa sana siya pero natakot na siya sa boses ni Troy kaya madali siyang lumabas at bumalik sa station niya. May *call* si Lanie pero pinindot nito ang *mute* button nang makita siya.

“An’yare?”

Napalabi siya saka umupo at isinuot ang headset.
“Stats.”

She wondered what Troy was up to. Kinakabahan siya sa hindi malamang dahilan.



Troy really came at exactly ten minutes after their shift. “Let’s go.” Animo wala lang na nilampasan siya nito at pinasunod. How could he intimidate people just like that?

“Wait, Boss. Bakit n’yo po ba ’ko pinag-stay?” Hinabol niya ang binata para lamang ma-realize na papunta sila sa parking area ng building. Sinundan niya ng tingin ang lalaki habang nilalapitan nito ang pulang *Ford Escape*.

“Hindi ka sasakay?” untag nito nang mapansing nakahinto lamang siya sa tapat. Nag-alangan siya pero sa huli ay tahimik na tumalima at sumakay sa passenger’s seat.

“Ah, Boss, saan po tayo pupunta?” tanong niya nang makalabas na sila ng building.

Mabango ang sasakyan, kasimbango ng may-ari. She could smell Troy’s woodsy scent all over the place and she was tempted to close her eyes and relish it.

“I’ll drive you home, hindi ba obvious?” he replied plainly.

Gustong mahiya ng dalaga. Iniisip ba ni Troy na hindi pa rin maayos ang pakiramdam niya? Hindi niya alam na may pagka-thoughtful pala ito sa agents nito. Dapat ay matuwa siya, pero iba ang nararamdaman niya sa mga oras na iyon. It was Troy Montejano for God's sake! Sinong babae ang mapapanatag sa tabi nito?

“Hindi na po kayo dapat nag-abala, Boss. Kaya ko naman pong umuwi nang mag-isa,” sabi niya.

“Wala na tayo sa office, Alynna, p'wede bang 'wag mo na 'kong i-po? I'm just thirty, in case you forgot.”

Biglang nagkamot ng ulo si Troy na kunwaring naiirita. Hindi niya napigilang mapangiti. It was the first time she had seen this cute side of him.

“Pero seryoso, Boss, hindi mo talaga ako kailangang ihatid. May hangover lang ako sa break-up pero matino pa ang utak ko. Kaya ko pang maglakad, kumain, at makipag-usap sa tao. Tanda ko pa ang pangalan ko.”

Troy stifled a laugh.

“B-but thanks, anyway,” dugtong na lang niya.

Ayaw naman niyang isipin ng lalaki na ungrateful siya. Dumungaw siya sa labas ng bintana at hinayaang mamayani ang katahimikan sa pagitan nila.

Mayamaya’y narinig niyang nagsalita ang katabi.
“I don’t think you deserve a guy like him.”

“Huh?” She glanced at him.

“Your ex.”

“Toby?”

“Yeah, who else?” He frowned.

She blew out a breath. Kung alam lang ni Troy na companionship lang ni Toby ang pinanghihinayangan niyang nawala.

“I still don’t understand it, Alynna.” Napapailing si Troy. “That guy is a player. Why did you date him?”

Muli siyang tumingin sa labas. “Siguro dahil magaan siyang kasama.”

“He’s just flirting around,” pakli nito.

“At least, walang dull moments kapag siya ang kausap ko.”

“He slept with almost every hot chick in the office. That was okay with you?”

Hindi na niya nagustuhan ang tono ng lalaki. Troy was making her feel like she just ruined her own life by being Toby’s girlfriend.

“Choice ko naman na makipagrelasyon sa kanya, kahit ang tingin ng lahat may pagkagago siya.”

She heard him sigh. “Sineryoso mo ba siya?”

“Of course not. Wala naman kami sa stage

na gan'on. We were just having—" Kung hindi pa biglang hininto ni Troy sa gilid ng kalsada ang sasakyan, hindi pa niya mare-realize kung saan na napunta ang bibig niya sa pagsasalita.

Nilingon niya si Troy para lamang mahuling nakatitig ito sa kanya at pinag-aaralan na naman ang ekspresyon niya. He looked surprised and confused at the same time.

Fine. Since mukha naman itong interesado sa personal niyang buhay, itinuloy na niya ang dapat na sasabihin. Sa pagkakataong iyon ay wala na siyang hesitation.

"Yes, Boss. We were just having *sex*." Kumurap si Troy at nahuli niya ang maliit na pagkibot ng nakakaakit nitong mga labi. Nagpatuloy siya, "F*ck buddies, I guess."

May kakatwang init na namuo sa sikmura niya. Saying the word *f*ck* in front of Troy had suddenly unleashed wild images in her head: *Troy pulling her close, kissing her, touching and licking every part of her body...*

Pasimple siyang napasulyap sa malaking kamay ni Troy na nakasakmal sa manibela. The sight of his powerful grip sent fire down to her core. His fingers were long and delicate. Parang kamay ng prinsipe

na handang magparusa.

Oh, God. Kanina pa nagiging maharot ang utak ni Alyнна.

Napapitlag silang pareho nang may biglang bumusina sa likuran. Hindi makapasok ang kotse sa parking area ng katapat nilang bangko dahil nakaharang ang sasakyan nila. Mabilis na ibinalik ni Troy ang tingin sa daan at tahimik na pinaandar muli ang sasakyan.

Binuksan ni Alyнна ang bag at hinagilap ang cellphone. Inabala niya ang sarili sa pagche-check ng feeds sa *Facebook* niya, umaasang mapapatay niyon ang init sa kanyang sistema.

“Dito na ba ’yon?” tanong ni Troy nang marating nila ang kapitolyo.

“Yeah, pero pahinto na lang d’yan sa gas station.”

“Ayaw mong ihatid kita sa mismong bahay n’yo?”

Pormal siyang ngumiti, hindi masalubong nang derecho ang tingin ng lalaki. “Wag na, Boss. Sa bungad lang naman kami, eh. Thank you ulit.”

“You’re welcome.”

Nang makaibis ng sasakyan ay nagpaalam siyang muli kay Troy. At kahit nakatalikod na ay ramdam niyang sinusundan siya ng tingin ng lalaki. Natutukso siyang lumingon, pero pinigilan niya

ang sarili. Nakapagkit pa rin kasi sa pakiramdam ni Alynna ang lecheng init.

Utang na loob, itulog mo 'to, Ynna.



“Hay naku, Nelson, mamatay ka na nga!”

Pagpasok sa bahay ay sinalubong agad si Alynna ng usual away scene ng mga magulang niya. Nakapamaywang ang mama niya sa ibaba ng hagdan, nakatingala habang nagsisisigaw. Nakasuot ito ng sexy na bestida kaya sigurado siyang makikipagkita na naman ito sa bago nitong lalaki.

Inilapag niya ang bag sa sofa saka dumerecho sa kusina.

“Ako na naman ang paggagastusin mo? Ako na nga ang sumagot sa tuition ni Gelo, ako pa rin sa kuryente’t tubig? Ano ka! Kung hindi naman kasi panay ang bigay mo ng pera sa kabit mong prosti!”

“Eh, sa kailangan kong sustentuhan si Mary Ann. Buntis ’yon, eh!” malakas na sagot ng papa niya mula sa itaas.

“Hay naku, bahala ka! Basta hindi ako magbibigay sa ’yo ng pera. Aalis na ’ko.” Napahinto ang mama niya nang makita siya. “And’yan ka na pala, Alynna. ’Pag nanghingi ng pera sa ’yo ang magaling mong ama, ’wag mong bibigyan ha. Hayaan mo siyang

mamroblema kung saan kukuha ng pambayad.” Saka ito nawala sa paningin niya.

Napapailing na lamang na uminom ng tubig si Alynna. Kapag ganitong sinusumpong ng giyera ang mag-asawa, alam niyang sa huli ay siya rin ang mag-aabono ng pambayad nila sa bills.

Foreman ng isang construction company ang papa niya at sa post office naman nagtatrabaho ang kanyang ina. Bagaman tatlo silang may trabaho sa bahay, dumarating pa rin sa punto na kinakapos sila ng pera. Masyado kasing gastador ang mga magulang na kung hindi sa mga karelasyon ginagamit ang pera ay pinangsusugal ng mga ito.

Ang kapatid niyang si Gelo ay nasa Grade 10 pa lang. Siya na ang umako sa pagbibigay ng allowance dito dahil obviously, wala siyang aasahan sa mga magulang niya.

Nagpasya siyang mag-shower saka nagkulong sa sariling kuwarto sa baba. Ibinagsak niya ang katawan sa kama. Ang balak niya ay matulog nang mahabang oras total ay rest day na nila.

When she closed her eyes, suddenly hot images of Troy swam into her mind. Gulat siyang napamulat at napatitig sa dilaw na kisame ng kanyang kuwarto.

She had never thought of her boss this way

before. Ano nga ba ang nangyari kanina? Ang alam lang niya ay pinag-uusapan nila si Toby at...

Mabining bumagsak ang talukap ng mga mata niya. She recalled Troy's slightly parted lips... his startled deep-set eyes... his long fingers...

Kinagat ni Alynna ang pang-ibabang labi habang wala sa loob na lumukob ang kanyang kamay sa kanang dibdib at pumisil. Ang isang kamay naman niya ay dumausdos mula sa kanyang tiyan pababa sa puson. She was starting to feel wet beneath her undies and—

Teka, ano ba ang ginagawa niya?

“Oh, God, no! Umayos ka nga, Alynna!” Tinabunan niya ng unan ang mukha at tumagilid siya ng higa sa kama. Pagpantasyahan daw ba niya si Troy?

3



Nagising si Alynna sa malalakas na boses ng kanyang mga magulang. Nag-aaway na naman ang mga ito. Minsan pa niyang tinabunan ng dalawang unan ang mukha pero tumatagos pa rin doon ang ingay mula sa labas ng kuwarto.

“Kainis!” iritadong sabi niya. Tumayo siya at dumerecho sa banyo para mag-toothbrush at maghilamos. Mabilis siyang nagpalit ng damit at dumampot ng jacket sa cabinet. Isinilid niya sa maliit na bag ang phone, wallet, at susi saka muling lumabas ng kuwarto.

Dinatnan niya ang mama niyang nakapamaywang sa sala. Nakaupo ang papa niya sa sofa, katabi ang isang babaeng nasisiguro niyang si Mary Ann. Malaki na ang tiyan nito.

Magiging ate na ulit ako. Great.

“Hindi mo siya p’wedeng patirahin dito, Nelson. ‘Kapal naman ng mukha mo!”

“Bahay ko ito kaya patitirahin ko ang kahit

sinong gusto ko!” mariing sabi ng papa niya.

Napayuko naman si Mary Ann. Beinte cuatro na si Alynna at parang mas matanda lang sa kanya ng isang taon ang petite na babae. Hindi niya lubos-maisip na sa isang beerhouse ito nagtatrabaho. Maamo at inosente ang dating ng mukha ni Mary Ann, usual taste ng kanyang ama sa mga babae. Nagtataka nga siya kung paanong nagustuhan ng papa niya ang kanyang ina noon. Classic at sopistikada kasi ang dating ng ganda ng mama niya. Just like hers.

“Bahay ko rin ito! Baka nakakalimutan mong...”

Dere-derecho siyang lumabas ng bahay at hindi na nakinig pa sa away ng mag-asawa. Kabisado na niya ang sunod na litanya ng mama niya. Gaya ng dati, pagtatalunan na naman ng dalawa kung sino ang mas may karapatan sa bahay. Iyon ang dahilan kung bakit wala pang bumubukod sa mga ito kahit pa matagal nang sira ang relasyon ng dalawa.

Mabilis siyang sumakay ng jeep at bumaba sa tapat ng isang subdivision. Bumili siya ng chips at beer-in-can sa nadaanang *7-Eleven*.

She yawned as she lazily walked along the road. Inaantok pa talaga siya. Ayaw pa naman niya sa lahat iyong nasisira ang tulog niya.

Nakatayo na siya sa tapat ng asul na gate at handa nang mag-doorbell nang biglang matigilan.

“Oh my God, bakit ako nandito? Hay, Ynna, nababaliw ka na ba?” Mabilis siyang tumalikod at malalaking hakbang na naglakad palayo. Mahirap nang makita siya ni Toby. Baka kung ano pa ang isipin nito.

Gusto niyang sabunutan ang sarili. Nakalimutan na ba niyang hiwalay na sila ng lalaki? She walked fast, ignoring the voice behind her. Muntikan na siyang mapatalon nang makarinig nang sunud-sunod na pagbusina ng sasakyan.

“Alynna!”

Napahinto siya. Her eyes widened as she finally recognized the voice. Gulat siyang napalington sa guwapong lalaking bumaba ng *Ford Escape*.

“Boss, ano’ng ginagawa mo dito?”

Troy’s eyes glazed, with a bemused smile on his seductive lips. Naka-casual shorts at grey shirt ito. Nakalitaw ang biceps nitong tila kay sarap pisilin. His hair was a bit messy but in a sexy kind of way. She found him refreshing at that moment dahil kinasanayan na niya ang serious office aura nito.

“Well, I live here now. Actually, kalilipat ko lang ng apartment two weeks ago. Ikaw, ano’ng ginagawa

mo dito nang ganitong oras? Late na, ah.”

Napatanga siyang muli sa bahay nina Toby.

“You know someone who lives here?” Sinundan ng lalaki ang tingin niya.

“Ahm...” Naman, paano ba siya magpapaliwanag dito?

“Alyнна?”

“A-actually, si Toby...”

Muli nitong sinulyapan ang bahay. “Oh, taga-rito rin pala siya.” He sounded disappointed. “I thought you’re no longer—“

“Yeah, tapos na kami. It’s just...” Nakagat niya ang pang-ibabang labi saka napatingin sa supot na hawak. “May nangyari kasi sa bahay kaya umalis muna ’ko. Nasanay lang ako na kapag may gulo, si Toby ang pinupuntahan ko.”

“So unconsciously, dinala ka ng mga paa mo dito?” Ipinagkrus ng lalaki ang matipunong mga braso. “If you plan to go home, ihahatid na kita.”

Her lips moved but she didn’t know what and how to respond. Gusto niyang tanggihan ang alok ng binata, pero gusto rin niyang sabihin na wala pa siyang balak umuwi. Kung hindi naman siya uuwi, saan siya pupunta?

“Looks like you don’t want to go home yet.” The

corner of his mouth turned up. Napatango siya kay Troy. Bakit ba kay dali siya nitong nababasa? “Gusto mo bang samahan kita?”

Para siyang kiniliti sa tinuran ng lalaki. Bukas-sara ang bibig niya, hindi pa rin alam kung paano magsasalita.

“If you want, you can stay at my place tonight. Kung may problema ka, puwede akong makinig. Once you’re okay, I’ll drive you home.”

Stay at my place tonight...

Nag-init ang mga pisngi ni Alyнна sa isang antisipasyon. Pero bago pa siya may maisip na kung anong pilyang bagay, mabilis niyang iniling ang ulo.

“Okay lang ako, Boss. Ayoko namang makaistorbo sa ’yo.”

“Sino’ng may sabing iistorbohin mo ’ko?” Kinuha nito ang supot na dala niya. Her heart leapt at the sight of his cool smile. “I want some beer tonight. Sumakay ka na dahil hindi ko na ’to ibabalik sa ’yo.”

“Sige na nga,” pagpayag niyang kunwari ay dahil wala na lamang siyang choice. Pero ang totoo ay nagsisimula nang umahon ang hindi mawaring kaba at excitement sa dibdib ni Alyнна.

“Don’t worry, I’m not a serial killer,” natatawang sabi ni Troy nang makasakay na sila. Napansin yata

nito na medyo tensed siya. “You’re completely safe with me.”

Well that’s the problem. She didn’t want to feel safe tonight.



Hindi ganoon kalaki ang apartment ni Troy pero tama nang tirhan ng isang thirty-year old bachelor. Alam ng buong opisina nila na wala pang asawa ang lalaki. Base rin sa nasagap niyang tsismis, wala rin itong seryosong kasintahan.

May mga unpacked boxes pa sa paligid. Ang ibang gamit gaya ng mga upuan ay may balot ng plastic at mukhang mga bago pa. May dalawang palapag ang apartment, black and white ang floor tiles at purong puti ang kisame at dingding. Sa sala ay may higanteng black leather couch na papasa nang kama para sa kanya. Katapat niyon ang malaking LED TV at sound system. Sa magkabilang gilid ay may nakatayong honeycomb-styled CD racks. The albums were mostly from classic rock bands: *Pink Floyd*, *Journey*, *Nazareth* at marami pang iba.

“Mag-isa ka lang ba talaga dito, Boss?” malakas niyang tanong mula sa sala.

Nasa kusina si Troy, katatapos lamang hakutin ang mga pinamiling grocery.

“Yeah,” malakas din nitong sagot.

“Nas’an ang family mo?”

“Some place.”

It was a vague reply but she didn’t pry any further. Nilapitan na lamang niya ang surreal painting na nakasabit sa kabilang panig ng pader. The literal image looked strange and she couldn’t tell if it was about a man finding its way out of a labyrinth, or a labyrinth finding its way out of a man. Sa ibaba ng frame ay may nakasulat na: “*To my dear brother. From Jack.*”

Umupo si Alynna sa couch kapagkuwan. Hinubad niya ang jacket at isinampay sa ulunan ng kalapit na arm chair. Itinaas niya nang kaunti ang damit dahil medyo mababa ang neckline ng suot niyang sleeveless blouse. She didn’t want to put Troy or her in a more awkward situation. Mahirap na.

“Kumain ka na ba?” tanong ng lalaki mula sa kusina.

“Actually...” Bigla siyang nakaramdam ng pangangalam ng sikmura. Hindi pa nga pala siya naghahapunan.

“I’ll take that as a ‘no.’” Nakangiti itong sumilip sa kanya. “Okay ba sa ’yo ang sandwich? O gusto mo ng kanin?”

“Sandwich na lang, Boss.” Ayaw niya ng masyadong mabigat na pagkain lalo na’t iinom sila ng beer. She couldn’t believe she would be drinking with her boss alone. Madalas kasi na kasama ang buong team kapag nagkakayayaan sila sa bar.

Mayamaya, dumating si Troy na may bitbit na tray. Nilapag nito sa mesa ang isang pitcher ng orange juice, mga baso, at platter na may lamang dalawang malalaking sandwich. May nasisilip siyang white meat, tomatoes, lettuce, at onions—pang-healthy living ang mga sangkap.

“Hmm... bigla akong nagutom, ah,” komento ni Alynna kahit sa loob-loob niya ay gusto niyang humingi ng kahit isang hiwa ng keso man lang.

“I hope you’re okay with this. Ginamit ko lang kung anong ingredients na meron ako d’yan. I’m not a fan of cheese, bacon, or ham. Too much fat.”

Pinanlakihan niya ito ng mga mata. “Boss, try mo namang mabuhay minsan.”

Napahalakhak si Troy at parang bago sa kanya ang tunog na iyon. Ngumingiti at tumatawa rin naman ito sa opisina pero hindi kasing-sigla ng naririnig niya ngayon. Tonight, he seemed so laidback, free from all the stress he was getting from work. Nang iabot nito sa kanya ang platter ay buong-

puso siyang dumampot ng sandwich.

“Kung gutom ka pa, puwede akong magpa-deliver dito ng gusto mong pagkain.”

Umiling si Alyнна. “Okay na ’ko dito, Boss. Isa pa, ang dami n’ung chips na binili ko. ’Yun na lang ang lalantakan ko mamaya.”

“Sabi mo, eh.”

“By the way, ang cute ng painting mo ha.” Ngumuso siya sa direksyon niyon. “Weird, pero cute. Sino si Jack? Kapatid mo?”

“Yeah, that was a gift. He made that.”

“Wow! Painter pala siya?” manghang bulalas ng dalaga. “Bunso ka ba? Ilan kayong magkakapatid?”

“Just two, I’m the youngest. Magpatugtog tayo?”

Nilapag ni Troy ang kinagatang sandwich at dagling nilapitan ang sound system. Nilabas nito ang phone at ikinabit iyon sa docking station. “Any music preference? I don’t have much of the current mainstream here. I enjoy the old ones mostly.”

“Pareho pala tayo, Boss. Mas fan ako ng ’80s at ’90s music. Kasi naman karamihan sa mga kanta ngayon, walang substance.”

Matapos mamili ng playlist ay bumalik sa tabi niya si Troy. Inubos nito ang natitirang sandwich. “Mabuti na lang at wala tayong shift ngayon. At least,

we can talk about things the whole night.”

Nahinto si Alynna sa pagkagat. *Whole night*. And he was just sitting so close to her right now. Ano ang pag-uusapan nila buong gabi?

Pasimple siyang umusod. She needed distance from him or else, hindi siya makakapag-isip nang tama.

Kalma lang, Ynna.

“You can tell me anything you want, Ynna.” For a second, she savored the sweet sound of her nickname slipping out of Troy’s lips. Ngumiti ito sa kanya. “Why don’t we finish this up so we can have a drink? Para maging kumportable kang magkuwento sa ’kin.”

Pagkatapos kumain ay inilabas ni Troy ang canned beers at chips na binili niya kanina. Binuksan nito ang isang beer at inabot sa kanya.

“Do me a favor and don’t call me ‘boss’ tonight.”

“Oh sure... Troy.” Something electric crawled up her spine upon saying his first name.

“See? That’s better.” Nang kumindat ito sa kanya ay natunaw muli ang kanyang sistema. Tumingin ito sa malayo bago muling nagsalita. “So ano’ng nangyari sa bahay n’yo kanina?”

Humugot si Alynna ng hangin. “The usual. My

parents were fighting. Gusto kasi ni Papa na itira sa bahay 'yung nabuntis niyang babae na mukhang kolehiyala."

Nasamid si Troy at gitlang napalingson sa kanya. Natawa siya sa reaksyon nito. "So may kabit ang papa mo?"

"Well..." Mapakla siyang tumawa. "Medyo messed up ang pamilya ko, sa totoo lang."

"Tell me about it." She sensed some bitterness in his tone. "So what's with your family? Care to share?"

She cleared her throat. "Tatlo kaming magkakapatid. 'Yung Kuya Alex namin, matagal nang napariwara at naglayas. Ilang taon na siyang hindi umuuwi sa bahay at wala kaming balita kung nas'an na siya o kung buhay pa siya. 'Yung bunso namin, si Gelo, Grade 10. Siya 'yung tinutulungan kong mag-aral. Madalas ding wala sa bahay at laging nakikitulog sa bahay ng mga kaibigan."

"Your parents?"

"Our parents?" Pagak siyang tumawa. "I don't know if I can still call them *parents*, maliban na lang sa fact na sa kanila kami galing. Matagal nang sira ang relasyon nila. Bata pa lang ako, palagi na silang nag-aaway, nagsusumbatan. 'Though kung tutuusin, napilitan lang naman silang magpakasal

dahil nabuntis ni Papa si Mama. I don't think they loved each other. Nakakatawa, di ba? Thinking na nakadalawa pa silang anak pagkatapos ng panganay nila.”

Lumagok muna si Alynna ng beer bago nagpatuloy, “Then, nagsimula nang magloko si Papa, nambabae. Si Mama naman, nalulong sa sugal at kinalimutan na kami. Si Kuya ’yung sobrang effort dati na ayusin ’yung relasyon ng mga magulang namin, pero sumuko rin siya sa huli. ’Ayun, nabarkada. Huminto sa pag-aaral at puro paglalasing ang inatupag. Until he ran away.”

“Bakit hindi pa maghiwalay ang parents mo?”

“Technically, parang hiwalay na rin sila. Wala lang sa kanilang gustong magsuko sa bahay. Ang gusto nila, umalis ang isa. You know, pride.”

She shrugged and leaned her back against the couch. Ang cozy ng feeling, parang gusto niyang matulog doon. Nagsisimula nang lumutang sa ere ang pakiramdam niya.

“We all live like strangers there. Sobrang lungkot. ’Yun ang dahilan kung bakit palagi akong naghahanap ng means of escape,” dugtong niya.

“And your idea of escape is to hang out with jerks like Toby?”

Natawa si Alynna. “Masisisi mo ba ’ko, Troy?” Tamad niyang nilingon ang katabi para lamang mahuli na nakatitig ito sa kanya. Naroon na naman ang pakiramdam na pinag-aaralan nito ang bawat sulok ng mukha niya. If it wasn’t for the alcohol, kanina pa siya napaiwas ng tingin. But she was just letting him stare at her. Binusog din niya ang sariling mga mata sa mapang-akit nitong anyo. Gusto niyang malunod sa malalalim nitong mata, taluntunin ang maanggulo nitong panga at haplusin ang magaspang nitong stubbles. And his seductive lips... parang gusto niyang kagatin ang mga iyon.

Nagiging makasalanan ang kanyang mga mata, but she couldn’t help it. Troy was a dark temptation ready to take her away from the sane world. And she was liking it.

4



"Toby's a f*ckin' douche."
"I like his a*s," she replied, matter-of-factly. Tinatablan na ng alcohol ang isip niya kaya wala na siyang pakialam kung gaano ka-straightforward ang mga isinasagot niya.

Napatiim-bagang si Troy at iniwas ang mukha sa kanya. Nagbukas ito ng bagong beer at sunud-sunod na nilagok ang laman niyon. Pansin niya ang paninigas ng kalamnan nito na para bang hindi nagustuhan ang sinabi niya. Nang matapos ay muli itong nagsalita, hindi pa rin ibinabalik ang tingin sa kanya. "He's only after sex."

"I know..." she almost whispered.

"Pero pumayag ka pa rin?" It sounded more like a statement.

"Sinabi ko na, I always look for a means of escape. I just need a companion, takbuhan sa tuwing gusto kong umalis ng bahay. Siguro naman napansing mong wala akong malalapit na kaibigan

maliban kay Lanie. Madalas pang may sariling mundo ang isang 'yon.”

“It still doesn't mean na dapat ka nang makipagrelasyon sa lalaking katawan mo lang ang habol sa 'yo. I'm not trying to be a hypocrite here, Ynna. It's just that I think you deserve a better arrangement than that.” Bumaling itong muli sa kanya para lamang mapako ang mga mata nito sa kanyang dibdib.

Aware siyang bumaba na ang neckline ng blouse niya kaya nakasungaw na mula roon ang kapisaso ng lace bra niya. She could see the flicker in Troy's eyes, and his stare was burning through her skin.

Kunwari siyang nagtanggap ng bara sa lalamunan at umupo nang tuwid, fixing her blouse in the process. Aabot sana siya ng bagong beer pero inunahan siya ni Troy doon upang magprisintang buksan iyon para sa kanya. She felt electrified when his elbow touched hers.

“You know, I don't really mind it,” sabi ni Alynna, pilit ibinabalik sa normal ang himig. “Wala rin namang lalaking nanliligaw sa 'kin nang seryoso. Madali silang ma-turn off sa sitwasyon ng pamilya ko. But I'm not really looking for a serious relationship, anyway. Wala akong pakialam kung

para sa ibang tao, irrational ang paliwanag ko. Some may think na wala akong respeto sa sarili ko. But what the hell? I care more about saving my sanity than protecting my freakin' feminine dignity. Some people are just lucky not to live my life." Dere-derecho niyang ininom ang laman ng beer na iniabot sa kanya ng lalaki.

"I don't judge you, Ynna. Concerned lang ako sa 'yo. In fact, I admire you a lot, you have no idea. You're different from most girls I've met," makahulugang pahayag ng lalaki at gusto niyang paniwalaan ang bawat salitang binitawan nito. Kahit kailan, wala pang lalaking nagsabi sa kanya nang ganoon. For the first time in her life, she felt special and not broken.

"So what happened between you and Toby? Why did you break up?" tanong ni Troy kapagkuwan. Sobrang lapit na pala ng mukha nito sa kanya.

"He said I was boring in bed," she murmured. Umawang ang mga labi niya at tumutok doon ang mga mata ng lalaki. Troy swallowed hard and she could hardly breathe. "Sa tingin mo, tama siya?"

Troy lowered his face to hers and he captured her lips. Napapikit si Alynna at napasinghap. Sinalo ng lalaki ang kanyang mukha sa mga palad nito.

Panaka-nakang dumidiin ang mga labi nito sa kanya, pero naroon ang pag-iingat. As if he was thinking that this was her first kiss and he didn't want to break her.

Alynnna parted her lips wider, as if to shut Troy's hesitation down and urge him to kiss her more. She was inviting his tongue to get into her mouth. His hand crept to the back of her head, running his fingers through her hair. Ang isang kamay ay naglakbay pahaplos sa malambot niyang leeg, his thumb circling over her throat. Bumaba iyon sa kanyang balikat, hanggang sa pumaikot sa ibabaw ng likod niya. Troy pressed her head towards him and he finally slipped his hot tongue between her wet lips. He plunged it deeper into her mouth, tasting her. Nalalalahan din niya ang linamnam ng sandwich na kinain nila at ang tamis at pait ng beer na ininom nito.

Alynnna moved her tongue fiercely, wrapping her arms around the nape of his neck. She moaned against his mouth and it stimulated Troy more. He kissed her deeper and suckled her tongue.

Napatuwid ang balakang niya nang bumaba ang isang kamay ni Troy para hagurin ang kurba ng kanyang katawan. Umakyat iyon upang hagilapin

ang dibdib niya. She gasped as he squeezed her firm round breast. Manipis lamang ang suot niyang blouse at bra kaya tumatagos ang init ng palad ni Troy sa mapanuksong tela. She could feel her nipples hardening in response and they were begging for release.

His hand slipped inside her shirt, caressing her waist, her bare back, until his fingers climbed up and found the hook of her bra. She waited for him to unclasp it, but he didn't.

Pinutol ni Troy ang koneksyon ng kanilang mga labi at umusod palayo sa kanya. Habol-hininga sila pareho.

“No, this is wrong.” Umiling-iling ito at marahas na inihilamos ang mga palad sa mukha.

Inayos ni Alynna ang nagulong buhok at damit. Hindi niya inasahan ang halik ni Troy, pero mas ikinabigla niya ang reaksiyon nito pagkatapos, na para bang isang malaking pagkakamali ang ginawa nito.

“Troy?”

He turned his apologetic face to her. Naroon pa rin ang init sa mga mata nito ngunit mas nangingibabaw ang pagsisisi. “I'm your supervisor, Ynna. Temporary, yes. But still... I shouldn't be

taking advantage of you.”

She produced a low laugh. “Hindi ka nananamantala. I want this, Troy. Saka hindi naman ’to kailangang malaman ng iba. And we’re both adults here.” Their company would never encourage a supervisor-agent relationship of course, pero hindi nangangahulugan na dapat na nila iyong ituring na isang malaking krimen. Alynna knew things like this still happen in workplaces.

“You don’t understand.” Tumayo si Troy na animo mapapaso kapag nagtagal pa sa kanyang tabi. “Inimbitahan kita dito para magkaroon ka ng kausap. Pero pinagsamantalahan ko ang vulnerability mo. I shouldn’t have done that to you, I’m sorry.”

“Pero nasa katinuan pa ’ko, Troy. And I said I want this.”

Nagsalubong ang mga kilay ng kausap. “You’re just drunk, Ynna.”

Tiim-labi siyang napatayo sa harap ng binata. Napansin niya ang pagkuyom ng kamay nito at ang pag-igting ng panga. Sandaling itong napapikit na para bang isa siyang malaking kasalanan na pilit nitong iniwasang langhapin.

Naramdaman ni Alynna ang pagkabuhay ng kanyang dugo, ang malakas na pagtibok ng kanyang

puso. "If I'm sober, will you sleep with me?"

He swallowed hard and his jaw tightened. Lalong tumigas at dumilim ang anyo nito nang muling magmulat ng mga mata.

"Answer me, please," puno ng determinasyon ang kanyang himig.

Yes, she was drunk. But she knew what she was saying. Alam din niya kung ano ang gusto niyang mangyari. Noon pa lang sa bar... sa conference room... sa kotse... Her body was behaving unnaturally every time Troy was close to her. Every part of her wanted him.

Sa sumunod na sandali ay naging blangko ang ekspresyon ni Troy. Nawala ang tensyon sa mga muscles nito at naglaho rin ang dilim sa mga mata. Bumuka ang bibig ng lalaki at walang kurap na sumagot, "No, I won't sleep with you."

Pakiramdam ni Alynna ay binuhusan siya ng nagyeyelong tubig. It was the most painful *no* that she had ever heard in her entire life. Nanulay ang magkahalong frustration at embarrassment sa bawat himaymay ng katawan niya. She wanted to turn her back and run far away from Troy.

Pero naunang tumalikod ang lalaki. "Get your things, I'll drive you home."



“Your husband left you? I’m so sorry to hear that, Mrs. Davis. On the other hand, I’m happy for you. Men are complete jerks. They will lure you, lead you on, and leave you halfway. Then, they will make lots of excuses. Believe me Ma’am, you’re better off without him. Is there anything else I can assist you with today, Mrs. Davis?” mahabang litanya ni Alynna sa mouthpiece ng suot na headset.

Ilang segundo ring naging speechless ang customer mula sa kabilang linya bago ito napahagalpang ng tawa. Natuwa ang ginang at sinabing wala na itong kailangan pa.

“Thank you for calling us again, Mrs. Davis. Have a wonderful day!” aniya saka pinutol ang tawag.

Alynna punched a button from her *Avaya* phone and removed her headset. Natigilan siya nang mapansing napatayo pala ang lahat ng teammates niya at tigagal na nakatingin sa kanya. Some got lost in the middle of their calls, and some pressed the *mute* button just to laugh.

“Ouch ’yon, ah! Magpreno ka naman, Ynna,” sabi ng isang teammate niyang lalaki.

“Hoy, Ynna, ano’ng tinira mo at humuhugot

ka d'yan? Balak mo bang magdeklara ng digmaan laban sa mga kalalakihan?” sabi ni Tetet mula sa likuran niya na ginatungan naman ng iba pa niyang teammates. Si Lanie naman ay napapangiti lang sa kanya.

Lumipad ang tingin ni Alynna sa elevated station kung saan kasalukuyang nakatayo ang supervisor nila. There was a subtle shock in Troy's handsome face and she couldn't tell if he was scowling at her or what. Pero bago pa siya nito i-pull out para sa isang emergency coaching, nauna na siyang tumayo at nag-punch ng *Lunch* sa kanyang station. Pormal ang kanyang ngiti nang maglakad siya patungo sa station ni Troy.

“Wag kang mag-alala, Boss, natuwa naman ang customer sa sinabi ko kaya siguradong perfect five ang ibibigay niya sa 'kin sa survey. Lunch lang po ako,” paalam niya saka ito tinalikuran.

It had been a week since the night she and Troy shared a wild kiss. Nakabaon pa rin sa sistema niya ang sama ng loob at pagkapahiyang naramdaman nang tanggihan nito ang pag-alok niya ng sarili. Kung makaasta ang binata ay parang wala itong konsiderasyon sa damdamin niya. Men.

“No, I won't sleep with you...”

Ipinikit ng dalaga ang mga mata at ikinuyom ang dalawang kamay.

*G*go siya!*



“So men are complete jerks, huh?”

Napapitlag si Alynna nang bigla siyang tabihan ni Troy sa food counter ng pantry. Dumampot ito ng tray at nakisilip sa mga pagkaing nakahilera sa tapat nila. May laman nang isang mangkok ng kanin at sabaw ang sarili niyang tray.

“Lunch mo na rin, Boss?” she asked in an unfriendly tone. Gusto niyang mainis dahil pakiramdam niya ay nananadya ang lalaki. Humingi siya ng isang order ng bagnet at laing sa serbidora.

“Naisip ko lang na mag-early lunch.” Um-order ito ng pritong tilapia at pinakbet. “Your last customer gave you a very satisfied survey, by the way. She even left a positive feedback. She said she liked your spirit.”

Hindi siya nagkomento roon at binayaran na lang ang mga in-order.

“Still, I can’t tolerate that behavior. It’s not professional, Alynna,” patuloy ni Troy mula sa kanyang likuran. He was using his intimidating tone again and she was starting to hate it.

Matigas ang ekspresyon na hinarap niya itong muli. “Don’t worry, Boss. Iyon na ang huling beses na maririnig mo ’yon mula sa bibig ko.”

Bitbit ang tray, nagmartsa si Alynna palayo rito at naghanap ng bakanteng mesa sa dulong bahagi ng pantry. Wala masyadong tao roon. But to her annoyance, sinundan siya ni Troy at umupo sa tapat niya. Parang wala lang na nagsimula itong kumain.

Bumuka ang bibig niya pero bumara lamang sa lalamunan niya ang kanyang protesta. It would be rude if she would try to drive her supervisor away. Masyado ring immature kung lilipat siya ng ibang mesa.

Sinubukan niyang i-imagine na wala si Troy sa kanyang paligid, pero sino ba ang niloloko niya? No one could ever ignore the presence of a very attractive man in front of her.

Naglaro na namang muli sa kanyang isipan iyong gabing hinalikan siya nito. His hungry mouth against hers, his scorching touch, the lust in his dark eyes—

“Kakainin mo ba ang lunch mo o tititigan mo lang ako?”

Napakurap si Alynna nang bigla itong mag-angat ng tingin sa kanya, nakataas ang isang sulok ng

mga labi. Sumandal ito sa upuan at ikiniling ang ulo. Ramdam niya ang pag-iinit ng kanyang mga pisngi at natutukso siyang takpan ang kanyang mukha. Bakit ba laging may ganitong epekto sa kanya ang lalaki? Sa huli ay pinili na lamang niyang yumuko at tahimik na kumain.

“I didn’t lure you in, I didn’t lead you on, and I didn’t leave you halfway.” Natigilan siya nang magsalita muli si Troy. Ramdam niya sa tuktok ng kanyang ulo ang pagtitig nito. Sumakal ang mga daliri niya sa hawak na kutsara at tinidor. “And I’m definitely not making any excuses.”

She pressed her lips and decided to look up at him. May sinseridad na nakabalatay sa mga mata nito.

“You said ‘no’ to me, Troy.”

“You misunderstood me, Ynna.”

Bahagyang nangunot ang noo niya. Ano ba ang mahirap intindihin sa sinabi nitong hindi ito papayag na makasiping siya?

Mapakla siyang tumawa. “Hindi naman ako tanga para hindi ma-gets na hindi ka interesado sa ’kin. Na katulad n’ong inilalako ng mga promodizer sa supermarket, pang-free taste lang ako.”

Kumulimlim ang anyo ni Troy at kumuyom ang

kamao sa mesa. She heard his sharp intake of breath. “You asked me if I’d sleep with you if you were sober.”

Hindi siya umimik, nakatitig lamang siya sa lalaki.

Troy stood up and collected his empty dishes. “You were drunk when you asked me that question. That’s why I said no.”



Hanggang ngayon ay laman pa rin ng isip ni Alyнна ang sinabi sa kanya ni Troy noong magkasabay silang magtanghalian sa pantry. Kung nagkataon bang hindi siya nakainom ay hindi ito tatanggi?

Mas umigting pa ang pagkabalisa niya nang sa mga araw na lumipas ay hindi niya nasilayan ang lalaki. He was on leave for two days dahil may inasikaso raw itong personal na bagay. And now that he was back to work, she decided not to waste time anymore.

Kanina pa lang sa loob ng production floor ay natutukso na siyang komprontahin ang lalaki. But he was acting indifferent, always avoiding her gaze. Heck, he was even behaving like she didn’t exist! Pero hindi niya ito susukuan. Not when Troy was the one who started dropping hints.

Tinitigan ni Alynna ang sariling repleksyon sa salamin ng restroom. Everyone said she was beautiful. Kahit malikot ang kanyang buhok na madalas lamang niyang i-pin sa likod. Kahit palagi siyang walang makeup at nabubuhay na sa simpleng pulbos sa mukha. Her lips looked plump and kissable even without lipstick. May mga insecurities pa rin siya, kaya naman ni minsan ay hindi niya kinonsiderang malaking biyaya ang pagiging maganda niya. But that changed when Troy started to notice her. She felt real pretty for the first time in her life.

Inilabas niya ang pouch mula sa bag at sinuklay nang maayos ang buhok. Sandali pa siyang nag-isip kung itatali ba iyon o ano. Sa huli ay ipinasya na lamang niyang ilugay iyon. Hindi na rin niya pinakialaman ang pasaway niyang bangs.

Winisikan niya ang sarili ng pabango na minsan lang niyang gamitin. May kamahalan iyon at inilalabas lamang niya kapag may pupuntahan siyang party o kaya ay makikipag-date.

She applied face powder on her face. She wanted to keep it as natural as possible. Naglagay rin siya ng lip balm sa mga labi bago iyon pinatungan ng pulang lipstick. The shade was lighter, just enough

to accentuate the fullness of her lips.

Hindi siya marunong mang-akit at hindi siya sanay na um-effort para lang mapansin ng lalaki. But if it was Troy Montejano on the line, then it would be a different story.

Inayos niya ang suot na dark blue off-shoulder dress. She made sure to wear a sexy lingerie underneath it. When she thought she was attractive enough, she went out and headed to the parking lot.